

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 18

Awit 82 – Pairalin ang Katarungan

“1 Ang Dios ay tumatayo sa kapisanan ng Dios; siya'y humahatol sa gitna ng mga dios. 2 Hanggang kailan magsisihatol kayo ng kalikuan, at magsisigalang sa mga pagkatao ng masama? (Selah) 3 Hatulan mo ang dukha at ulila: gawan mo ng kaganapan ang napipighati at walang nagkakandili. 4 Sagipin mo ang dukha at mapagkailangan: iligtas ninyo sila sa kamay ng masama. 5 Hindi nila nalalaman, ni nauunawa man; sila'y nagsisilakad na paroo't parito sa kadiliman: lahat ng patibayan ng lupa ay nangakilos. 6 Aking sinabi, Kayo'y mga dios, at kayong lahat ay mga anak ng Kataastaasan. 7 Gayon ma'y mangamamatay kayong parang mga tao, at mangabubuwal na parang isa sa mga pangulo. 8 Bumangon ka, O Dios, hatulan mo ang lupa: sapagka't iyong mamanahin ang lahat ng mga bansa.” (Awit 82:1-8 KJV)

Ang Dios ay ang hukom sa lahat ng sangkalupaan. At ipinagkaloob Niya ang ministryong iyon ng pagpapatupad ng katarungan sa Kanyang simbahan, sa mga banal na natatakot sa Kanya at namumuhay sa pagsunod sa Kanyang Salita at mga utos.

“1 Ang Dios ay tumatayo sa kapisanan ng Dios; siya'y humahatol sa gitna ng mga dios.” (Awit 82:1 KJV)
Ang simbahan ay ang institusyon ng Dios sa lupa at ito ang bahay ng katarungan at ang lugar ng pagsasagawa ng paghatol. Ang simbahan ay ang kapisanan ng mga banal na nalulugod sa Dios at sa Kanyang Salita at mga utos. Ginagamit ng simbahan ang Salita ng Dios sa pagsusuri ng mga sitwasyon at pagharap sa iba't ibang mga isyu ng buhay at mga kasalanan. Si Jesus ang pinuno ng simbahan at lahat ng tao sa Simbahan ng Dios ay nasa ilalim ng Salita ng Dios gaya ng batid natin na ang Dios, ang Banal na Espiritu, ay nakatayo at ay naroroon sa Kanyang simbahan sa gitna ng Kanyang mga banal.

“siya'y humahatol sa gitna ng mga dios.” Ang ibig sabihin dito sa pahayag, ***“sa gitna ng mga dios.”*** na hindi ibig sabihin ay may ibang dios o ibang mga dios, kundi nangangahulugan na kasama ang Dios sa pagsasagawa at pagpapatupad ng paghatol ay sa Kanyang mga banal, ang mga seserdote, na itinalaga ng Dios upang pamunuan ang Kanyang simbahan, Sinabi ng Dios kay Moises sa pamamagitan ni Jetro ang kanyang biyanan, na magtalaga ng mga hukom mula sa mga tinuturuan niya na gawin ang tungkulin ng hukom gaya ng mababasa natin dito, ***“13 At nangyari kinabukasan, na lumuklok si Moises upang hatulan ang bayan: at ang bayan ay tumayo sa palibot ni Moises mula sa umaga hanggang sa hapon. 14 At nang makita ng biyanan ni Moises ang lahat ng kaniyang ginagawa sa bayan, ay nagsabi, Anong bagay itong ginagawa mo sa bayan? bakit nauupo kang magisa, at ang buong bayan ay nakatayo sa palibot mo mula sa umaga hanggang sa hapon? 15 At sinabi ni Moises sa kaniyang biyanan, Sapagka't ang bayan ay lumalapit sa akin, upang sumangguni sa Dios. 16 Pagka sila'y may usap ay lumapit sa akin; at aking hinahatulang isa't isa, at aking ipinakilala sa kanila ang mga palatuntunan ng Dios, at ang kaniyang mga kautusan. 17 At sinabi ng biyanan ni Moises sa kaniya, Ang bagay na iyong ginagawa ay hindi mabuti. 18 Tunay na ikaw ay manghihina, ikaw at ang bayang ito, na nasa iyo: sapagka't ang bagay ay totooong mabigat sa iyo; hindi mo makakayang magisa. 19 Dinggin mo ngayon ang aking tinig; papayuhan kita, at sumaiyo nawa ang Dios: ikaw ang maging tagapagakay sa bayan sa harap ng Dios, at dalhin mo ang mga usap sa Dios: 20 At ituturo mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga kautusan, at ipakilala mo sa kanila ang daang nararapat lakaran, at ang gawang kanilang nararapat gawin. 21 Bukod dito'y hahanap ka sa buong bayan ng mga taong bihasa, gaya ng matatakutin sa Dios, na mga taong mapagpatotoo, na mga napopoot sa kasakiman; at siyang mga ilagay mo sa kanila, na magpuno sa mga lilibuhin, magpuno sa mga dadaanin, magpuno sa mga lilimangpuin, at magpuno sa mga sasangpuin: 22 At pahatulan mo sa kanila ang bayan sa buong panahon: at mangyayari, na bawa't malaking usap ay dadalhin nila sa iyo, datapuwa't bawa't munting usap, ay silasila ang maghahatulan: sa ganyan ay magiging magaan sa iyo, at magpapasan silang katulong mo. 23 Kung gagawin mo ang bagay na ito, at iutos sa iyong ganyan ng Dios ay iyo ngang mababata, at ang buong bayan namang ito ay uuwing payapa. 24 Sa gayon, ay dininig ni Moises ang kaniyang biyanan, at ginawang lahat yaong sinabi. 25 At pumili si Moises ng mga lalaking bihasa sa buong Israel, at ginawa niyang pangulo sa bayan, na mga puno ng lilibuhin, mga puno ng dadaanin, mga puno ng lilimangpuin, at mga puno ng sasangpuin. 26 At kanilang hinatulan ang bayan sa buong panahon: ang mabibigat na usap ay kanilang dinadala kay Moises, datapuwa't bawa't munting usap ay silasila ang naghahatulan.” (Exodu 18:13-26 KJV)*** Ang layunin para kay Moises upang magtalaga ng mga hukom kasama niya ay upang tulungan siya sa tungkulin ng hukom upang dalhin ang kabigatan kasama niya upang siya'y mapanatili, at para sa kanyang pamumuno ay mas mapabuti sa paglilingkod sa mga tao at pagkamit ng layunin ng Dios para sa kanila.

Sa **Awit 82** na talata **1** nang sinabi, ***“siya'y humahatol sa gitna ng mga dios.”*** Ang kahulugan ng mga dios dito gaya ng binanggit natin ay ang mga hukom, at ngayon sa Bagong Tipan ay ang mga banal na nakatayo kasama ng Dios upang humatol at harapin ang kasalanan. Tungkol sa mga banal upang maging mga hukom para sa simbahan at sa sanglibutan, sinulat ni Pablo ang sumusunod, ***“2 Hanggang kailan magsisihatol kayo ng kalikuan, at magsisigalang sa mga pagkatao ng masama? (Selah) 3 Hatulan mo ang dukha at ulila: gawan***

mo ng kaganapan ang napipighati at walang nagkakandili. 4 Sagipin mo ang dukha at mapagkailangan: iligtas ninyo sila sa kamay ng masama.” (1 Corinto 6:2-4 KJV) Kaya sa Awit 82 ay maaring mailapat maging sa ating buhay bilang simbahan ngayon.

Sa panahon ni Moises ipinagkatiwala ng Dios ang Kanyang gawain sa tabernakulo ng kapisanan sa mga seserdote, sa Bagong Tipan tayo ay ang makaharing seserdote ng Dios gaya ng ipinahayag ni Pedro, **“9 Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan:” (1 Pedro 2:9 KJV) Kasama nito kung gayon tayo ay may pananagutan sa Dios patungkol sa nilalaman sa **Awit 82.****

Dapat mapagtanto ng simbahan at tanggapin iyon na inilagay sa lupa upang maging bibig ng Dios at isang kasangkapan ng pagsasagawa ng katarungan at pagpapatupad ng kalooban, plano, at layunin ng Dios sa gitna ng Kanyang bayan. **Samakatuwid kailangan mong ihanda ang iyong sarili para gayon sa pamamagitan ng pagtatalaga ng iyong sarili na mamuhay sa kabanalan at naayon sa Salita ng Dios at maging handa upang pairalin ang katarungan ng Dios sa pagharap sa kasalanan na nasa gitna ng Kanyang bayan.**

“2 Hanggang kailan magsisihatol kayo ng kalikuan, at magsisigalang sa mga pagkatao ng masama? (Selah)” (Awit 82:2 KJV) Ang nagaganap at nangyayari ay nagpapabigo sa simbahan ng Dios sa pagpapatupad ng makatarungang paghatol. Ang simbahan at ang mga banal ng Dios, ang makaharing mga pari na namumuno ng Kanyang simbahan, at ang mga nag aakalang mga hukom ng Dios ay binigo ang Dios sa pamamagitan ng paghatol ng walang katarungan. Tinanggap nila ang masasama sa pamamagitan ng pagpapahintulot, pagtatakip at pagsang ayon sa kanyang mga kasalanan. Kabaligtaran ang kanilang ginagawa. Ang masama dahil sila’y may kapangyarihan at maimpluwensya, ang mga namumuno ng simbahan at ang mga manggagawa ng Dios sa halip ng pagbawalan ang masasama na gumagawa ng kasamaan, pinapanatili sila dahil siya’y makapangyarihan. Ang mga namumuno at manggagawa na ayaw magdusa sa pagharap sa masama sila’y nakikipagkompromiso at iniingatan ang mga bagay na mali upang ang kanilang mga pribelihiyo ay hindi maapektuhan. Ang masasamang may impluwensya ay lalaban kapag ang kanyang kasalanan ay hinarap ng mga pinuno ng simbahan. Ang mga namumuno o manggagawa ng simbahan na nakikipromiso ay ginagawa nila iyon dahil una hindi sila natatakot sa Dios at pangalawa ay hindi sila nagtitiwala sa Dios na kaya Niyang ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan kung sila’y maninindigan kasama ng Dios laban sa mga kasalanan ng masamang tao. Ang Dios dito ay tinatanong ang Kanyang simbahan, **“Hanggang kailan magsisihatol kayo ng kalikuan, at magsisigalang sa mga pagkatao ng masama?** Ang Dios ay malungkot at naghihinagpis na ang Kanyang simbahan ay masama at hindi naging tapat sa Kanya.

Pinayaan ng simbahan ang iba’t ibang kasalanan at makasalang gawain na makapasok sa loob, tulad ng imoralidad sa anyo ng kasintahang lalaki, at babae, pakikipagtipan, panliligaw, paghihiwalay at pag aasawang muli, at pagpapahintulot sa solong ina o solong ama na mag asawa sa hindi ama o sa ina ng kanyang anak o mga anak.

Pinayaan ng simbahan ang mga gadgets at mobile sa mga kamay ng mga kabataan at ng mga bata na puminsala sa kanila, sinira ang kanilang mga kaisipan at pag uugali sa mga laro, balita, at inilantad sila sa kasalanan ng imoralidad.

Pinayaan ng simbahan ang maraming mga kapistahan ng mga dios-diosan na makapasok sa simbahan gaya ng pagdiriwang ng Pasko dahil sa dios ng araw ng mga hitano; na may Santa Claus, Christmas tree katamaran ng may mahabang bakasyon ng 2-3 linggo, ang pagpapalitan ng regalo, ang pagsasalo-salo, ang maluhong paggastos. Ang lahat ng ito ay ginawa ng mga pagano sa kanilang dios ng araw sa kanilang mga pagdiriwang. Ang pagdiriwang na iyon ng mga pagano ay ginawang Cristiano ng Simbahan ng Katoliko at hanggang sa ngayon ang simbahan ng mga Cristiano ay nahawa sa lahat ng nasa itaas nabanggit na pamumuhay na hindi ganap na nasa Bibliya.

Pinayagan ng simbahan ang pagdiriwang ng Bagong Taon, ang pagdiriwang ng mga kaarawan at anibersaryo ng kasal; lahat ay mga pangyayari at pagdiriwang na nagpaparangal sa mga tao at hindi sa Dios. Muli ang gayong mga pagdiriwang ay nagmula sa mundo at hindi mula sa Kasulatan at naiangkop sa simbahan ng Dios. Pinayagan ng simbahan ang pagdiriwang ng Araw ng Ama at Araw ng Ina, Araw ng mga Patay (Harvest), Araw ng lahat ng mga Santo, Araw ng mga Puso, Buwan ng Pastor, Unang pagdiriwang ng batang babae, at maaari kang magdagdag ng higit pa sa listahan, sapagkat halos bawat kultura at pangkat etniko ay nagdagdag ng ilang mga dios-diosan at araw para sa pagdiriwang, nang walang anumang Biblikal na dahilan, sa buhay ng simbahan. Lahat ay kinuha mula sa mundo at ipinakilala sa simbahan.

Kinupkop ng simbahan ang mga dios-diosan ng kasakiman, ang pagibig sa salapi, at pag iimbot, katiwalaan, maling motibo sa paglilingkod sa Dios, at maging ang ilang mga simbahan ay naging mga lugar upang

magsulong ng mga negosyo at mga patakaran sa pananalapi, iniisip na ang buhay ay mas magiging maayos sa gayon. **Ngunit ilagay sa iyong isipan habang mas lumalayo ka sa katotohanan mas lalo kang nahihirapan.**

Bukod pa sa itaas na mga kasalanan at mga dios-diosan, ang lahat ng mga kasalanan na hindi nabanggit, pinapayagan ng simbahan ngayon at pinapahintulutan ang kasalanan ng homosexualidad at ang transgender na relasyon at pag aasawa.

Batay sa pananagutang iyon ng mga kasalanan, ang pagsamba sa dios-diosan at makasalang pamumuhay, kung gayon kailangan mong linisin ang iyong sarili mula sa lahat ng gayon at manindigan kasama ng Dios upang payuhan ang iba na huwag magpatuloy sa mga ito. Sa karagdagan kailangan mong makipagtulungan sa Dios upang harapin ang gayong mga dios-diosan at makasalang pamumuhay at linisin ang Kanyang simbahan mula sa gayon na nagmula sa sanglibutan.

“3 Hatulan mo ang dukha at ulila: gawan mo ng kaganapan ang napipighati at walang nagkakandili.” (Awit 82:3 KJV) Nais ng Dios sa Kanyang simbahan na iligtas ang mahihinang tao mula sa kamay ng masasama at sa kapangyarihan ng kadiliman na nagtutulak sa mahina na mahulog sa kasalanan at gumawa ng masasamang bagay. Ang masasamang tao ay nasa ilalim ng kapangyarihan ni Sataanas, at kapag pinili ng simbahan na piliing harapin ang kasalanan at kasamaan, kung gayon ang diablo at ang kapangyarihan ng kadiliman ay magsisimulang lumaban ng agresibo. Ngunit ang simbahan ay dapat magpatuloy na gawin ang tama at ang naaayon sa kalooban ng Dios, pagtitiwala sa Panginoon na Siya ang pakikiqbaka para sa Kanyang simbahan at poprotekta sa Kanyang bayan gaya ng ipinangako Niya, **“18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.” (Mateo 16:18 KJV)** **Magpakatatag at magpakatapang, ang Dios ang makikipaglaban para sa Kanyang simbahan at poprotektahan ka at pananatilihin ka habang handa ka na paglingkuran Siya at gawin ang kinakailangan upang dalhin ang kabanalan, katuwiran at katarungan sa buhay ng Kanyang simbahan at ng Kanyang bayan.**

May mga taong hindi nila kayang labanan at makalaya sa pang aapi ng masama. Dapat tulungan ng simbahan ang gayong mga pangkat at lumaban sa ngalan nila upang mailigtas sila mula sa kapangyarihan ng diablo, **“8 Bukhin mo ang iyong bibig sa pipi, sa bagay ng lahat ng naiwang walang kandili. 9 Bukhin mo ang iyong bibig, humatol ka ng katuwiran, at mangasiwa ka ng kahatulan sa dukha at mapagkailangan.” (Kawikaan 31:8-9 KJV)** sumunod si Job sa utos ng Dios tungkol sa paggawa ng kanyang ministerio gaya ng mababasa natin dito: **“12 Sapagka't aking iniligtas ang dukha na dumadaing, ang ulila rin naman na walang tumutulong sa kaniya. 13 Ang basbas ng malapit nang mamamatay ay sumaaakin: at aking pinaawit sa kagalakan ang puso ng babaing bao. 14 Ako'y nagbibihis ng katuwiran, at sinusuwat niya ako: ang aking kaganapan ay parang isang balabal at isang diadema. 15 Ako'y naging mga mata sa bulag, at naging mga paa ako sa pilay. 16 Ako'y naging ama sa mapagkailangan; at ang usap niyaong hindi ko nakikilala ay aking sinisiyasat. 17 At aking binali ang mga pangil ng liko, at inagaw ko ang huli sa kaniyang mga ngipin.” (Job 29:12-17)** Kung gayon, sumulong at gawin ang utos ng Dios, at **“aking binali ang mga pangil ng liko.” Iunat ang iyong kamay sa mga dukha at nangangailangan at iligtas sila. Tulungan ang mga inaapi na bigyan sila ng ginhawa, at magsikap na magdala ng katarungan at pagliligtas sa mga inabuso.**

“5 Hindi nila nalalaman, ni nauunawa man; sila'y nagsisilakad na paroo't parito sa kadiliman: lahat ng patibayan ng lupa ay nangakilos.” (Awit 82:5 KJV) Sa halip ng pagpapasaya sa kagustuhan ng Dios, ang mga banal ay kumilos na parang walang alam, sa nais ng Dios na gawin nila. Pinili nilang makipagkompromiso at protektahan ang masama, samakatuwid pinili nila ang madilim na daan ng buhay, at nagdulot ng pagkakamali sa iba, at naging na parang ang kasamaan ang tamang tema. Dahil diyan, ang lahat ng pundasyon at mga alintuntunin ng makaDios na pamumuhay ay nawala sa kinalalagyan ng mga ito, at ang tamang daan ng buhay ay nagsimulang kamuhian ng mga tao. Ang simbahan ngayon sa lahat ng mga pakikipagkompromiso na pinatili at ipinamuhay ay hindi lamang isang masamang halimbawa kundi isang maling halimbawa na hindi dapat tularan. Ang mga namumuno ng simbahan at ang mga mangaggawa ng Dios ay dapat mamuno sa mga tao sa Maka-langit at hindi Mala-impierno. Kung ang tunay na larawan na ang Dios ay itinalaga ay nagambala ng maling halimbawa ng simbahan at ng kanilang mga pinuno at manggagawa, kung gayon ang pangalan ng Dios ay magiging kalapastanganan sa mga gentil tulad ng mababasa natin dito, **“17 Nguni't kung ikaw na may taglay na pangalang Judio, at nasasalig sa kautusan, at nagmamapuri sa Dios, 18 At nakaalam ng kaniyang kalooban, at sumasangayon sa mga bagay na magagaling, palibhasa'y tinuruan ka ng kautusan, 19 At nagkakatiwala ka na ikaw ay tagaakay ng mga bulag, ilaw ng mga nasa kadiliman, 20 Tagasaway sa mga di nakaalam, guro ng mga bata, na sa kautusan ay mayroon kang anyo ng pagkakilala at ng katotohanan; 21 Ikaw nga na nagtuturo sa iba, hindi mo tinuturuan ang iyong sarili? ikaw na nangangaral sa tao na huwag magnanakaw, ay nagnanakaw ka? 22 Ikaw na nagsasabing ang tao ay huwag mangalunya, ay nangangalunya ka? ikaw na nasusuklam sa mga diosdiosan, ay nanakawan mo ang mga templo? 23 Ikaw na nagmamapuri sa kautusan, sa iyong pagsuway sa kautusan ay niwawalan mo ng puri ang Dios? 24 Sapagka't ang pangalan ng Dios ay nalalait ng mga Gentil dahil sa iyo, gaya ng nasusulat.” (Roma 2:17-24)**

KJV) Umaabot ito ngayon sa yugto na ang mga gumagawa ng mali ay pinupuri at ang mga nagtatama sa mga makasalanang at nagsasaway sa gumagawa ng masama sila'y tinatanghian, kinamumuhian at inuusig. **Samakatuwid sa mga ganyan, ang mas kailangan para sa simbahan at para sa iyo ngayon, na manindigan kasama ng Dios laban sa kasalanan at laban sa mga gumagawa ng mali at sa mga taong kinukunsinti ang mga ito at tinatakpan sila.**

“6 Aking sinabi, Kayo'y mga dios, at kayong lahat ay mga anak ng Kataastaasan.” (Awit 82:6 KJV) Ipinagkaloob ng Dios dito sa Kanyang bayan ang titulong mga anak ng Dios. Kaya nga ang Kanyang mga banal, ang mga saserdote, ang mga hukom; ang mga namumuno sa Kanyang simbahan at sa Kanyang bayan ay kinakailangang ipamuhay at ipatupad ang katarungan at harapin ang kasalanan at kasamaan sa wastong paraan dahil iyan ang kanilang pananagutan at ministeryo sa harap ng Dios. Sila ay hinirang bilang mga hukom ng Dios upang gumawa para sa Kanya sa Kanyang simbahan upang ipahayag at isagawa ang Kanyang kalooban sa mga tao. Ito ay isang pribilehiyong ibinigay sa Kanyang mga anak na parangalan sa posisyon ng mga hukom sa kanilang paglilingkod sa Dios. **Samakatuwid ang mensahe ay mas hinihikayat ka, bilang bahagi ng Kanyang simbahan, upang muling pasiglahin at muli na tumayo kasama ng Dios gamit ang awtoridad na ibinigay sa iyo ng Diyos upang linisin ang iyong bayan at ang mga nasa ilalim ng iyong pangangalaga mula sa kasalanan at kasamaan.**

“7 Gayon ma'y mangamamatay kayong parang mga tao, at mangabubuwal na parang isa sa mga pangulo.” (Awit 82:7 KJV) Kapag binigo ng mga pinuno ng simbahan at ng mga manggagawa ng Dios ang Dios sa pagsasagawa ng katarungan at pagpapatupad ng mga patakaran at disiplina ng Dios, kung gayon ay tatanggihan ng Panginoon ang gayong mga pinuno at manggagawa at hindi na sila maituturing na mga anak ng Dios, kundi sila ay magiging katulad ng ibang karaniwang mga tao na hindi naniniwala sa Dios o nangangako ng kanilang buhay upang maglingkod sa Kanya. Hindi sila makakarating sa Langit kundi pupunta sa impierno kasama ang iba na walang pagkilala sa Dios. **Samakatuwid habang naririnig mo, ang mensahe, ay isang babala para sa iyo na taimtim na magsisi at lumabas mula sa kamunduhan, kasakiman, imoralidad, kasamaan at mga kompromiso at bumalik sa Dios at simulan ang paggawa ng tama at matuwid at ang mga atas na ibinigay sa iyo ng Dios upang hindi ka magtapos sa impierno, ngunit sa halip ikaw ay mapasa Langit pagkatapos ng iyong kamatayan, at makakasama ni Jesus kapag Siya ay dumating upang dalhin tayo.**

“8 Bumangon ka, O Dios, hatulan mo ang lupa: sapagka't iyong mamanahin ang lahat ng mga bansa.” (Awit 82:8 KJV) Kapag ang mga namumuno sa iglesia at gumagawa ng gawain ng Dios ay binigo ang Dios, kung gayon ang Panginoon Mismo ang hahatol at magdidisiplina sa Kanyang mga bayan at ibahagi ang Kanyang paghatol sa kanila gamit ang mga di mananampalataya. Kapag ang simbahan ay naliligaw ng landas at kumikilos tulad ng mga taong walang tuntunin at walang Dios, kung gayon gagamitin ng Panginoon ang mga di mananampalataya upang parusahan at dalhin ang Kanyang paghatol sa Kanyang simbahan. Ginamit ng Dios ang mga Babilonian upang sirain ang Kanyang templo sa Jerusalem noong 587 BC nang ang mga saserdote ay nasa pagsamba sa mga dios-diosan. At muling sinira ng Dios ang itinayong muli na ikalawang templo noong 70 AC sa pamamagitan ng kamay ng mga Romano bilang bunga ng pagtanggig ng mga Judio kay Cristo. **Gagamitin ng Dios ang malupit na paghatol laban sa Kanyang simbahan upang disiplinahin ang mga pinuno at manggagawa ng simbahan, at upang alisin ang karapatan ng kanilang ministeryo sa harap ng mga pagano para ipaunawa sa mga pagano na ang ating Dios ay ang Panginoon na hindi nagpapahintulot o nagtatakip ng kasalanan.**

Sa aking mahal at minamahal: Walang ibang paraan para sa iyon na takasan ang paggawa ng iyong pananagutan sa harap ng Dios, Pinipilit ng Dios ang simbahan upang pairalin ang katarungan at ipatupad ang paghatol. Sa huli ay haharapin ng Dios ang lahat ng mga pakikikompromiso ng Kanyang simbahan at ng Kanyang bayan dahil Siya ay ang Dios ng katarungan na sinusunod ang Kanyang Salita. **Samakatuwid simbahan, at kayong lahat na nakikinig, magsisisi sa lahat ng inyong mga kasalanan, kasamaan, katiwalian, kawalang katarungan, pang aabuso sa biyaya at lahat ng mga kompromiso at ang pagkunsinti sa kasalanan, at ipagkatiwala ang inyong sarili sa Dios upang maglingkod sa Kanya alinsunod sa Kanyang mga utos at mga kasunduan, at sa paggawa ng lahat ng iyong mga atas na nakalulugod sa Dios.**

Tayo ay manalangin...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa iyong Salita na sinaway ako at nagbigay sa akin ng pagwawasto. Panginoon salamat para pagtuturo sa akin ng bagong mga bagay na nakilala kita nang mas mabuti at nalaman ang iyong kalooban. Panginoon salamat para sa awtoridad na tinanggap ko mula sa iyo na gawin ang gawain at atas na ipinagkatiwala mo sa akin.

Lumapit ngayon sa Dios at magsisi sa lahat ng inyong mga kasalanan at kasamaan. Talikdan ang iyong buhay imoralidad, pagsamba sa dios-diosan, kamunduhan, kasakiman, pagibig sa salapi, at walang katarungan.

Talikdan ang paggawa ng iyong sariling plano at kalooban. Talikdan ang iyong pagkatakot sa tao at ang iyong pagkikipagkompromiso. Talikdan ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Talikdan ang iyong kawalang kahandaang tumayo kasama ng Dios at harapin ang kasalanan at masasamang tao. Talikdan ang iyong kawalang kahandaang tulungan ang mahihirap at nangangailangan at ang mga sa ilalim ng walang katarungan.

Panginoon patawarin ako, Ako 'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan _____

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na manindigan, matakot sa iyo at huwag matakot sa tao upang ipatupad ang iyong kalooban sa aking buhay at sa buhay ng aking pamilya at sa mga taong nasa ilalim ng aking espirituwal na pangangalaga.

Panginoon handa akong manindigan kasama mo laban sa kasalananang ito _____ at laban sa mga sumusunod na mga taong gumawa ng gayon _____.

Panginoon alalayan ako, protektahan ako at maglaan sa akin upang makamit iyon bilang ipinangako ko ang aking buhay upang paglingkuran ka. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon salamat para sa akin mga kapatid na Lalaki at Babae, na nagsisisi mula sa kanilang mga kasalanan, katiwalian at pakikipagkompromiso, at bumalik sa iyo. Panginoon itaas sila ng iyong biyaya at awa. Panginoon panumbalikin sila sa iyo at alalayan sila sa kanilang buhay sa iyo. Panginoon pakinggan ang kanilang pananalangin at pagtangis habang sila'y nagsisi sa kanilang mga kasalanan at baguhin ang kanilang landas. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga pangangailangan, upang patuloy nilang ipamuhay ang kanilang buhay sa iyo at paglingkuran ka at gawin ang hinihiling mong gawin nila.

Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan at itaas kami ng iyong biyaya at awa upang patuloy kaming maglingkod sa iyo. Panginoon kami'y nagsisi sa lahat ng aming mga pakikikompromiso, pagtakot sa tao, at kawalang katarungan. Panginoon ipinangako namin ang aming buhay sa iyo at linisin ang aming sarili at ang aming pamilya at ang iyong simbahan mula sa mga kasalanan na nakatagpo namin sa mensaheng ito at anumang kasalanan na ilalantad mo. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na manindigan upang harapin ang makasalananang pamumuhay; upang ituwid ang iyong bayan at sawayin at harapin ang mga nagpupumilit sa Kanilang mga kasalanan, katiwalian at pakikipagkompromiso. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at maglingkod sa iyo, mag evangelio, upang abutin ang bagong mga tao ng mabuting balita ni Jesus at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa upang magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa buoang kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 18. Awit 82- Pairalin ang Katarungan. Awit 82:1-8. Exodus 18:13-26. 1 Corinto 6:2-4. 1 Pedro 2:9. Mateo 16:18. Kawikaan 31:8-9. Job 29:12-17. Roma 2:17-24.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com